SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Papaano nakakatulong ang pagiging matapat sa pagpapatatag ng ating mga ugnayan?
- Papaano nakakatulong ang pagsasabi ng totoo na may pag-ibig sa paglago ng ating mga ugnayan?
- Ano ang nagbibigay sa atin ang kakayahang gumawa ng paraan upang tumugon sa isang pangangailangan?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Anong bahagi ng iyong buhay ang sa tingin mo ay nahahayaan mong maging taliwas sa kalooban ng Diyos? Ano ang binabalak mo upang baguhin ito?
- Papaano mo gagawin ang pagsasabi ng totoo nang may pag-ibig ngayong linggo?
- Anong praktikal at natatanging bagay ang magagawa mo ngayong linggo upang ipakita ang pagmamahal ng Diyos sa isang tao?

PRAYER

- Ipagdasal ang bawat isa sa inyong grupo na magkaroon kayo ng kakayahang ibahagi ang pag-ibig ng Diyos sa kapwa.
- Manalangin sa inyong grupo na bawat isa sa inyo ay magkaroon ng makabuluhan at makatotohanang mga ugnayan.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na ipakita sa iyo ang mga pag-iisip na hinahayaan lamang ang mga pagkakamali upang mahingan mo ito ng tawad.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

Love different.

Bulag ang Pag-ibig

Week 3

NOTES

CONNECT

- Naniniwala ka ba sa kasabihang “Bulag ang pag-ibig?” Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ba ang pag-ibig?
- Ikwento ang panahong kinailangan mong pagsabihan ang isang tao tungkol sa kamaliang kanyang nagawa. Ano ang naramdaman mo nang panahong iyon?

WORD

Magmahalan kayo ng tapat. Iwasan ninyo ang masama at laging gawin ang mabuti.

Roma 12:9

WHAT *What does the Bible say?*

Bulag ang pag-ibig. Minsan kapag sinabi ng mga tao na umiibig sila, tinitingnan lamang nila ang gusto nilang makita, kaya madalas ay nababalewala nila ang mga kamalian sa kanilang ugnayan at nakatuon na lamang sila doon sa mga mabubuti. Ayon ba sa Salita ng Diyos ang kasabihang ito? Tingnan natin ang iilang mga Kasulatan at suriin natin ito.

- **Ang pag-ibig ay hindi natutuwa sa kasamaan.**
  . . . hindi natutuwa sa kasamaan . . .

  1 Corinto 13:6

  May malaking pagkakaiba ang pagmamahal sa isang tao at pagpapabaya sa kanyang mga kamalian. Ang tunay na pag-ibig ay hindi natutuwa sa kasamaan—sinisita niya ito. Kapag tunay nating minamahal ang isang tao, hindi tayo nagbubulag-bulagan sa kanyang mga kasamaan kundi tinatapatan natin ito ng Salita ng Diyos. Magkwento ng panahong hinayaan mo ang kamalian ng isang kaibigan at kung ano ang naging resulta nito.

- **Ang pag-ibig ay nagagalak sa katotohanan.**
  . . . kundi nagagalak sa katotohanan . . .

  1 Corinto 13:6

  Madalas nating marinig na ang katotohanan ay nakakasugat. Ito ay may katotohanan rin. Sa pakikipag-ugnayan, nakakabigo ring malaman ang mga hangganan natin. Ngunit kung iintindihin natin at tatanggapin ang katotohanang ito at mamahalin pa rin natin ang isa't isa kahit may pagkakaiba tayo, lalong tatatag ang ating mga ugnayan. Ang punto rito ay hindi nagsisinungaling o nandadaya o nanlilinlang ang pag-ibig. Nagagalak ito sa katotohanan. Papaano ka natulungang patatagin ang iyong ugnayan sa isang tao sa pagtanggap mo sa katotohanan?

- **Nakikita ng pag-ibig ang pangangailangan at gumagawa ng paraan upang matugunan ito.**
  [17]Kung mayroon man sa atin ang nasa mabuting pamumuhay at nakikita ang isang kapatid na nangangailangan ngunit hindi naman niya ito tinutulungan, masasabi ba natin na sumasakanya ang pag-ibig ng Diyos? [18]Mga anak, huwag tayong magmahalan sa salita lang, kundi ipakita natin sa gawa na tunay tayong nagmamahalan.

  1 Juan 3:17,18

  Ang tunay na pag-ibig ay higit pa sa pagtanaw sa sarili; nakikita nito ang pangangailangan ng iba at gumagawa ito ng paraan upang makatulong. Ito ay pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Diyos na nasa sa atin. Ang pag-ibig ng Diyos ang nag-uudyok sa ating tumulong. Ikwento ang panahong tinulungan mo ang kapwa dahil sa habag at pagmamahal mo sa kanya. Ano ang naramdaman mo matapos mo siyang matulungan?